

Ikaw ba ay nasa panganib? (Are you at risk?)

Ang TB skin test ay ginagamit upang malaman kung may impeksyon ka ng TB. Sa ilang mga kaso, ang IGRA TB blood test ay maaaring magbigay ng karagdagang impormasyon. Maaaring alukin ka ng IGRA TB blood test kung ikaw ay **nasa panganib na magdibelop** ng sakit sa TB kung naimpeksyon ka ng TB. Sa ilang mga kaso, ginagamit ang kapwa dalawang test na ito. Paminsan-minsan ay mas ninanais ang TB skin test (halimbawa, kapag kinakailangan ang repeat testing).

Ang IGRA TB blood tests ay maaaring **irekomenda** para sa mga taong:

- May positive TB Skin Test at nabakunahan ng BCG.
- May negative TB Skin Test at may mahinang immune system.
- May ispesipikong medikal na kondisyon (halimbawa, bagong dialysis o transplant).

Paano kumakalat ang TB? (How is TB spread?)

Ang mikrobyo ng TB ay kumakalat sa hangin mula sa isang tao patungo sa iba kapag ang isang taong **may sakit sa TB** sa mga baga ay umubo, nagsalita, kumanta, o bumahing. Kung nalanghap mo ang hangin na may mikrobyo ng TB, ikaw ay maaaring maimpeksyon ng mikrobyo ng TB at magdibelop ng latent TB infection (naroroon na ang TB pero wala pang mga sintomas) o active TB disease.



Ang latent TB infection ay nangyayari kapag hininga mo ang mga mikrobyo ng TB at ito'y pumasok sa iyong mga baga at **pinipigilan** ng iyong immune system ang pagdami ng mga mikrobyo ng TB at hindi ka magkakasakit. Ang mga mikrobyo ng TB ay natutulog (latent). Ang mga taong may latent TB infection ay hindi nakakaramdam ng sakit o wala silang anumang mga sintomas. **Hindi** sila maaaring magkalat ng TB sa ibang mga tao. Sa katotohanan ay hindi man nila nalalaman na ang mga mikrobyo ay nasa kanilang katawan hangga't hindi sila nagpapa-TB skin o blood test.



Ang active TB disease ay nangyayari kapag hininga mo ang mga mikrobyo ng TB at ito'y pumasok sa iyong mga baga at **hindi kayang pigilan** ng iyong immune system ang paglaki at pagdami ng mga mikrobyo ng TB at ikaw ay magkakasakit.

Ang mga palatandaan at mga sintomas ng **active TB disease** ay: pag-ubo nang 2-3 linggo o mas matagal, dura na may dugo, lagnat, pinagpapawisan sa gabi, kawalan ng ganang kumain, hindi maipalawanag na pagbawas ng timbang, pagkapagod, pananakit sa dibdib, at paghingal.

Bakit ka dapat kumuha ng TB Blood Test (Why get a TB blood test?)

Maaaring maiwasan ng IGRA TB blood test ang isang false positive TB skin test kung nagpabakuna ka para sa BCG sa nakaraan. Maaaring maiwasan ng IGRA TB blood test ang isang false negative TB skin test kung mahina ang iyong immune system. Masasabi ng isang IGRA TB blood test kung ang mga mikrobyo ng TB ay nasa iyong katawan.



Ang mikrobyo ng TB ay maaaring manatiling tulog sa iyong katawan nang habang-buhay o maaari itong magising, magsimulang dumami, at bigyan ka ng sakit ng active TB. Walang magagamit na paraan upang malaman kung at kung kailan ito mangyayari. Lumalaki ang pagkakataon na mangyayari ito kapag mahina ang immune system ng isang tao dahil ang immune system ang siyang dahilan kung bakit nananatiling tulog ang mga mikrobyo ng TB at kung bakit hindi sila dumarami.

Kung mayroon kang latent TB infection, maaari mong kausapin ang iyong nars o doktor tungkol sa mga pinakamainam na paraan upang maiwasan ang active TB disease.

Saan ako maaaring magpa-TB blood test? (Where do I get a TB blood test?)

Ang mga lab ay nangangailangan ng special training upang gawin ang test at dapat ay maaari nilang iproseso ang mga sample sa lab mismo. Kaya iilan lamang mga hospital lab sa BC ang nakagagawa ng test. Sa ilang mga kaso ay maaaring kailangan mong magbiyahe upang magpa-blood test. Masasabi sa iyo ng iyong nars o doktor kung saan ang pinakamalapit na hospital lab.

Ang karamihan ng mga TB blood test ay libre sa BC. May bayad ang mga TB blood test para sa trabaho at eskwelahan.

Pag-book ng test: (Booking the test:)

Maaaring hilingin kang mag-drop in o mag-book ng test. Depende ito sa lab na pupuntahan mo. Kung kailangan mo ng live vaccine, ang test ay dapat gawin sa parehong araw o 4 na linggo pagkatapos ng live vaccine. Kausapin ang iyong nars o doktor kung ikaw ay kamakailan lamang nagpabakuna.

Mga Resulta ng Test at ang mga Susunod na Hakbang: (Test Results and Next Steps:)

Karaniwang inaabot ng 1-2 linggo bago makuha ang resulta. Tanungin ang iyong nars o doktor kung paano mo makukuha ang iyong resulta.

Ang isang **negative TB blood test** ay karaniwang nangangahulugang wala kang mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan. Kung ikaw ay nagkaroon ng positive skin test, ibig sabihin ay false positive ang iyong skin test.

Ang **positive TB blood test** ay nangangahulugang malamang na mayroon kang mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan. Maaaring gawin ng iyong nars o doktor ang sumusunod:

- tanungin ka kung ikaw ay may anumang mga palatandaan o sintomas ng active TB disease
- hilingin kang magpa-chest x-ray
- mangolekta ng mga sample ng dura (plema o mucuous mula sa mga baga), kung kinakailangan ito upang malaman kung mayroon kang active TB disease.



Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang www.bccdc.ca/TBVideoEnglish at panoorin ang “Mikrobyo ng TB: Isang Oportunistang Biyahero”. Ito’y mapapanood din sa Korean, Mandarin, Punjabi, Tagalog, at Vietnamese.